BE COVIDSAFE

Ang Mga Kabataang Edad 5-11 ay Kwalipikado na Ngayong Mabakunahan

Makukuha na ngayon ang Pfizer-BioNTech™ COVID-19 na bakuna para sa lahat ng 5 taong gulang pataas. Suriin ang impormasyon sa ibaba upang matutunan ang tungkol sa mga dahilan ng pagbabakuna sa mga bata, mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado, at mga opsyon sa sa pagbabakuna na magagamit.

Ang bakuna sa COVID-19 ay pinakamahusay sa:

- ☑ Iwasan ang matinding karamdaman at pagpapaospital.
- ☑ Panatilihing ligtas ang mga bata sa paaralan at iwasan ang kailangang mag-kwarantin kung malantad.
- ☑ Manatiling ligtas sa pakikibahagi sa mga aktibadad sa paaralan tulad ng palakasan at mga klub.
- ☑ Wakasan ang pandemyang COVID-19.

Kung hindi nabakunahan, ang mga bata ay mas malamang na:

- ☒ Mahawa sa virus na nagdudulot ng COVID-19.
- ☒ Magkasakit mula sa COVID-19 na impeksyon at ang mga batang wala pang 12 taong gulang ay hindi kwalipikadong tumanggap ng monoclonal antibody treatment.
- ☒ Magkaroon ng parehong maikli at matagalang komplikasyon mula sa COVID-19.
- ☒ Ikalat ang COVID-19 sa iba.

Mga Katotohanan Tungkol sa Bakuna sa COVID-19 para sa mga Bata Edad 5-11

- Nangangailangan ng isang-katlo ng pang-adultong dosis ng bakuna sa Pfizer-BioNTechTM (PfizerEM).
- Gumagamit ng mas maliit na karayom, na sadyang idinisenyo para sa mga bata.
- Mangangailangan ng pangalawang dosis ng bakunang PfizerTM tatlong linggo pagkatapos ng unang dosis.

Ang Proseso ng Pagbuo ng mga Bakuna para sa COVID-19 para sa mga Bata

- Kasama ang pagbuo ng 3 yugto ng klinikal na pagsubok upang matiyak na ligtas at epektibo.
- Aprubado ng U.S. Food & Drug Administration (FDA) sa pamamagitan ng mga klinikal na pagsubok.
- Patuloy na paggamit ng sistema ng pagsubaybay upang matiyak ang matiyak ang kaligtasan nito.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga bakuna sa COVID-19, bisitahin ang:

coronavirus-sd.com/vaccine

LIVE WELL SAN DIEGO

11-15-2021

Mga Kinakailangan sa Pagbabakuna

Ang Magulang/Tagapag-alaga ay Naroroon

- Magulang/Tagapag-alaga ay kukumpirmahin ang edad ng bata (hindi kailangan ng karagdagang pagkakakilanlan
- Magulang/Tagapag-alaga ang maaaring sagutin ang mga medikal na mga katanungan at magbigay ng pahintunot nang personal.

Naroroon ang Tagapag-alagang Kamag-anak

- Dapat kumpletuhin ng Tagapag-alagang Kamag-anak ang Porma ng Apidabit ng Tagapag-alaga (Caregiver Affidavit Form) (Tagalog) (maaaring kumpletuhin sa lugar ng pagbabakuna kung kinakailangan).
- Maaaring kumpirmahin ng Tagapag-alagang Kamag-anak ang pagkakakilanlan at edad ng bata *(walang karagdagang pagkakakilanlan ang kailangan)*
- Maaaring sagutin ng Tagapag-alagang Kamag-anak ang mga medical na tanong at magbigay ng pahintulot nang personal.
- Pahina ng Katotohanan para sa mga Tatanggap ng Bakuna at Tagapag-alaga English | Tagalog

Ang Bata ay Walang Kasama o May Kasamang Hindi Kamag-anak na Nasa Hustong Gulang

- Ang bata ay dapat magkaroon ng apoyntment sa website ng My Turn para mabakunahan.
- Ang impormasyon ng bata at edad na ibinigay kapag nag-iskedyul ng apoyntment sa My Turn.
- Dapat magpakita ang bata o matanda ng Consent Form for Minors (Tagalog) na pinunan ng magulang/tagapag-alaga.
- Dapat magdala ng ID na may larawan at patunay ng edad ng bata.

Humanap ng Lugar ng Pagbabakuna sa San Diego County

- Community Testing, Vaccination and Outreach Events Calendar
- Vaccination Schedule by Day

Alamin pa

- CDC COVID-19 Vaccines for Children and Teens Website
- County of San Diego Vaccine Website

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa bakuna sa COVID-19, bisitahin ang:

coronavirus-sd.com/vaccine